ANG DIYOS NINA ABRAHAM, ISAAC, AT JACOB

(Huwebes—Sesyon sa Gabi)

Mensahe Tatlo

Ang Alegorya ng Dalawang Babae

Babasahin sa Kasulatan: Gen. 16:1—17:14; Gal. 4:21-31

I. Sina Sarah at Hagar, ang asawa at ang concubina ni Abraham, ay isang alegorya ng dalawang tipan—ang tipan ng pangako at ang tipan ng kautusan—Gen. 16:1-3; Gal. 4:24:

A. Si Sarah, ang babaeng malaya, ay sumasagisag sa tipan ng pangako, na may kaugnayan sa bagong testamento, ang tipan ng biyaya—bb. 23-24; Gen. 12:7; 15:7-21:

1. Sa tipang iyon, ipinangako ng Diyos na ibibigay Niya kay Abraham ang binhi, nang walang anumang intensiyon na kinakailangang gumawa ni Abraham ng anumang bagay upang mataglay ito; gagawa ang Diyos ng isang bagay tungo sa loob niya nang sa gayon ay magbunga siya ng isang binhi upang matupad ang Kanyang layunin; ito ay biyaya—b. 4.
2. Si Sarah, bilang malayang babae, ang wastong asawa ni Abraham, ay isang simbolo ng tipang ito ng biyaya; isinilang niya si Isaac sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos.
3. Ang bunga ng pangako ng biyaya, na siyang si Isaac, ay ang binhi para sa katuparan ng layunin ng Diyos—17:19; 21:12b.

B. Si Hagar, ang babaeng alipin, ay sumasagisag sa tipan ng kautusan—Gal. 4:24-25:

1. Si Hagar, ang concubina ni Abraham, ay isang simbolo ng kautusan; makikita natin sa pamamagitan nito na ang katayuan ng kautusan ay ang katayuan ng isang concubina—Gen. 16:1-3.
2. Ang tipan ng kautusan, na sinisimbolo ni Hagar, ay nagdadala sa piniling bayan ng Diyos tungo sa pagkaalipin, pagkagapos, ng kautusan, ginagawa silang mga alipin sa ilalim ng kautusan, hiwalay sa biyaya ng Diyos—Gal. 4:25; 5:1, 4.
3. Ang pagbubunga ni Abraham kay Ishmael sa pamamagitan ni Hagar ay sumisimbolo sa pagtatangka ng tao na tuparin ang layunin ng Diyos sa pamamagitan ng pagsisikap ng laman sa pakikipagkoordina sa kautusan—Gen. 16:4, 15-16; Gal. 2:16; 4:23a.
4. Ibinunga ni Abraham si Ishmael sa pamamagitan ni Hagar sa kanyang makalamang pagsisikap at hindi sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos; samakatwid, si Ishmael, bilang kinalabasan ng makalamang pagsisikap ng tao ayon sa kautusan, ay tinanggihan ng Diyos—Gen. 17:18-19; 21:10; Gal. 4:30.

C. Ang pangako ay ibinigay sa Genesis 12:2, 7; 13:15-17; at 15:4-5, at ang tipan ay ginawa sa 15:7-21:

1. Ayon sa intensiyon ng Diyos, ang tipan ng pangako ay naunang dumating, bago ang tipan ng kautusan; wala Siyang intensiyong ipasok ang kautusan at pagsikapan ng tao na tuparin ito para sa katuparan ng Kanyang layunin.
2. Ang orihinal na nilayong gawin ng Diyos ay ang isagawa ang Kanyang sarili tungo sa loob ng tao upang tuparin ang Kanyang layunin sa pamamagitan ng tao—b. 4.

D. Ang tipang ginawa ng Diyos kay Abraham sa Genesis 15:7-21 ay pinagtibay sa Genesis 17:1-14 sa pamamagitan ng pagtutuli:
    1. Sa bersikulo 1, inihayag ng Diyos ang Kanyang sarili kay Abraham bilang ang Sumasapat sa lahat na Diyos; bilang ang sumasapat sa lahat na Makapangyarihang Isa, Siya ang pinagmumulan ng biyaya upang tustusan ang Kanyang mga tinawag ng mga kayamanan ng Kanyang dibinong kakanyahan nang sa gayon ay maibunga nila si Kristo bilang binhi para sa katuparan ng Kanyang layunin.
    2. Sa Genesis 16, inensayo ni Abraham ang kanyang laman upang ibunga si Ishmael; sa Genesis 17, inatasan ng Diyos si Abraham na putulin ang kanyang laman, wakasan ang kanyang natural na lakas, nang sa gayon ay makapasok ang Diyos at ibunga si Isaac sa pamamagitan ng Kanyang biyaya.
    3. Ang espiritwal na kahulugan ng pagtutuli ay ang hubarin ang laman, ang hubarin ang sarili at ang lumang tao, sa pamamagitan ng pagkapako sa krus ni Kristo—Col. 2:11, 13a; Fil. 3:3:
        a. Ang espiritwal na pagtutuli ay ang palagiang pag-aaplay ng kamatayan ni Kristo sa ating laman—Gal. 5:24; Roma 8:13.
        b. Tinutuos ng pagtutuli ang laman na sinusubukang gawin ang kalooban ng Diyos at tuparin ang Kanyang pangako sa pamamagitan ng sarili nito; ang kahalagahan ng pagtutuli ay ang pagputol sa pagtitiwala sa laman—Fil. 3:3.
    4. Ang pagpapatibay sa tipan sa pamamagitan ng pagtutuli ay may kinalaman sa binhi at sa lupain para sa katuparan ng layunin ng Diyos—Gen. 17:2-8:
        a. Upang maisakatuparan ang walang hanggang layunin ng Diyos na ihayag at katawanin Siya ng tao, kailangan nating taglayin si Kristo bilang ating binhi at bilang ating lupain, at para dito, kailangan tayong matuli at mamuhay ng isang naipako sa krus na buhay—Gal. 5:24; 6:14.
        b. Kapag ang laman, ang sarili, at ang lumang tao ay nawakasan na, ang pinto ay bukás upang makapasok ang Diyos at ibunga si Isaac—Gen. 18:10, 14; 21:1-3.

II. Kailangan nating isaalang-alang ang Galacia 4:21-31 sa liwanag ng karanasan ni Abraham sa Genesis:

A. Sinasabi sa atin ni Pablo sa Galacia 4:21-31 na si Hagar ay sumasagisag sa kautusan, sinisimbolo ng makalupang Herusalem, at si Sarah ay sumasagisag sa biyaya, sinisimbolo ng makalangit na Herusalem—bb. 25-26.

B. Sina Hagar at Sarah ay kumakatawan sa dalawang tipan—ang tipan ng kautusan at ang tipan ng biyaya; ang kautusan ay isang bagay ng pagpapagal ng tao gamit ang abilidad ng tao upang magbunga ng isang bagay, samantalang ang biyaya ay ibinigay ng Diyos sa Kanyang piniling bayan upang ibunga ang maraming anak—3:26; 4:6.

C. Ang orihinal na tipan na ginawa ng Diyos kay Abraham ay ang tipan ng biyaya:
    1. Sa tipang ito, hindi kailangan ang abilidad o pagsisikap ng tao kundi kailangan ang biyaya ng Diyos upang ibunga ang maraming anak—3:29.
    2. Ang tipang ito ay katumbas ng bagong testamento; nangangahulugan ito na ang tipan na ginawa ng Diyos kay Abraham sa katunayan ay ang bagong testamento—b. 8; Heb. 8:7-8:
        a. Ang bagong testamento ay isang pagpapatuloy ng tipang ginawa ng Diyos kay Abraham—Gen. 15:7-21.

b. Ang bagong testamento ay isang ganap na pagpapatuloy ng tipan ng biyaya na ginawa ng Diyos kay Abraham upang magbunga ng mga anak; ang una sa mga anak na ibinunga ng tipang ito ay si Abraham mismo—Gal. 3:26; 4:6; Heb. 2:10.

D. Ang dalawang uri ng mga anak na ibinunga ng dalawang tipan ay magkaiba sa kanilang mga kalikasan—Gal. 4:24, 28-31:
   1. Ang mga ibinunga ng tipan ng kautusan ay ipinanganak ayon sa laman, at ang mga ibinunga ng tipan ng pangako ay ipinanganak ayon sa Espiritu—b. 29.
   2. Ang mga anak na ipinanganak ayon sa laman ay walang karapatang makibahagi sa ipinangakong pagpapala ng Diyos, ngunit ang mga anak na ipinanganak ayon sa Espiritu ay may ganap na karapatan—bb. 30-31.
   3. Dahil taglay natin ang biyaya, si Kristo, at ang Espiritung nagbibigay-buhay, tayo ay mga anak ayon sa Espiritu—6:18; Col. 1:27; 1 Cor. 15:45b:
      a. Ang Espiritung ito ay nasa ating espiritu ngayon at ginagawa tayong mga anak ayon sa Espiritu; ito ang kamangha-manghang pahayag sa Galacia 3 at 4.
      b. Bilang mga anak ayon sa Espiritu, dapat tayong manatili sa katuparan ng nais ng Diyos, tinatamasa ang biyaya, si Kristo, at ang nagpapaloob ng lahat na Espiritu bilang pagpapala ng ebanghelyo—3:14.

E. Inihahayag ng Galacia 4 na ang ina ng mga mananampalataya, na siyang Herusalem na nasa itaas, ang Bagong Herusalem, ay ang bagong tipan ng biyaya na sinisimbolo ni Sarah—b. 26:
   1. Ang Bagong Herusalem, ang makalangit na Herusalem, ang Herusalem na nasa itaas, ay ang ating ina, at ang inang ito ay ang bagong tipan ng biyaya—Heb. 8:7-13; 12:22-23.
      a. Ang bagong tipan ay ang ating ina dahil ibinunga tayo nito bilang mga anak ng kalayaan—Gal. 4:31.
      b. Tayo ay ipinanganak sa ilalim ng bagong tipan, at ang Herusalem na nasa itaas ay ang ating ina—b. 26.
      c. Ang babaeng ito ay ang bagong tipan at ang ating ina, at ang ating ina ay ang biyaya ng Diyos.
   2. Ang Ama ay ang tagapagbigay ng biyaya; ang biyaya ay ang tipan; ang tipan ay ang lunsod, ang Herusalem na nasa itaas, ang Bagong Herusalem, na siyang ating ina; ang mga anak na ibinunga ng ina ay ang mga bumubuo sa ina; at bumabalik ang ina sa Ama upang maging kaisa Niya, na nagmula sa Ama at pagkatapos ay bumabalik sa Ama bilang hantungan—1:3; 1 Cor. 8:6.
   3. Ang tanggapin ang bagong tipan at ingatan ito ay ang lumapit sa makalangit na Herusalem at sa ekklesia; ang bagong tipan, ang makalangit na Herusalem, at ang ekklesia ay iisa—Heb. 8:7-13; 12:22-23.
   4. Ang ina ng mga mananampalataya ay ang lunsod na hinihintay ni Abraham—11:10:
      a. Tinutukoy ang lunsod na ito sa 12:22, na nagsasabi sa atin na tayo ay nakalapit na sa makalangit na Herusalem, ang asawa ni Kristo at ang ina ng mga Bagong Tipang mananampalataya, na binubuo ng mga anak ng Diyos, na ipinanganak mula sa kanya.

b. Sa pagpili kay Abraham, ang intensiyon ng Diyos ay ang isagawa ang Kanyang ekonomiya, na magbunga ng maraming anak, na ibinunga sa pamamagitan ng biyaya, upang buoin ang Bagong Herusalem—ang Kanyang sukdulan at walang hanggang sama-samang kahayagan—Apoc. 21:1-2, 7.

© 2026 Living Stream Ministry